ISABUHAY

- Mag-isip ng dalawa o tatlong kakilalang alam mong nahihirapang tanggapin ang ebanghelyo. Kasama ang iyong kagrupo, ipagdasal ninyo ng regular ang mga taong ito na sa takdang panahon ay maintindihan at matanggap nila ang ginawa ni Jesus para sa kanila.

_____

_____

_____

- Isulat mo ang kwento ng kung paano binago ni Jesus ang iyong buhay. Ipakita ito sa iyong *group leader* at hayaan mo siyang tulungan kang ayusin pa ito. Ibahagi ito ngayong linggo sa isang taong hindi pa nakakakilala kay Jesus.

_____

_____

_____

- Gusto mo bang tanggapin ang regalo ng Diyos na kaligtasan at kapatawaran ngayon? Magdasal ka kasama ang iyong *group leader* at piliing maniwala kay Jesus sa ginawa Niya sa krus para sa iyo.

_____

_____

_____

IPANALANGIN

- Manalangin na ang mga puso ng iyong kapamilya at ng mga tao sa iyong eskwelahan, trabaho, at kumunidad ay maging bukas sa pagtanggap sa ebanghelyo. Humiling din ng mga pagkakataon na maibahagi mo sa kanila ang iyong pananampalataya.
- Ipagdasal ang iyong mga kasama sa *Victory group* na lumago pa ang kanilang relasyon sa Diyos at ang kanilang kakayahang ibahagi sa iba ang kanilang pananampalataya.
- Ibahagi ninyo sa isa't isa ang inyong mga pangangailan ngayong linggo at ipagdasal ninyo ang mga ito. Hilingin din sa Diyos ang kalakasan, kalusugan, pabor, at probisyon para sa buong grupo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.



[FILIPINO]

Sermon Notes

Date: _____

Text: _____

Small Group Material

PAG-USAPAN

- Magbigay ng isa o dalawang halimbawa ng mga pinaniwalaan mo noong bata ka pa na natuklasan mong mali pala. Anong naramdaman mo ng nalaman mo ito?
- Sa pamimili, ano ang mga isinasa-alang-alang mo bago ka bumili ng isang bagay?

ARAL

Para sa mga napapahamak, ang pangangaral tungkol sa pagkamatay ni Kristo sa krus ay "kamangmangan." Subalit para sa ating mga naliligtas, iyon ang kapangyarihan ng Diyos.

1 Corinto 1:18

Nahihirapan tayong maniwala sa mga bagay na malayo sa kung ano ang rasyonal. Kaya nga hindi agad naiintindihan at natatanggap ng mga tao na ang ginawa ni Jesus sa krus ay nagdudulot ng kaligtasan at kapatawaran sa mga naniniwala sa Kanya. Heto ang tatlong karaniwang reaksyon ng mga tao sa ebanghelyo.

1. **Kinalulugdan at pinahahalagahan ang ebanghelyo ng mga nakaranas nito.**
   Ang mga taong nabago dahil sa ebanghelyo ang higit na makakapagpatotoo na hindi ito isang kamangmangan dahil totoo itong gumagalaw sa kanilang buhay. Ang buhay nila ngayon ay mas mabuti kaysa sa noong hindi pa nila nakikilala si Kristo. (1 Corinto 1:18).

2. **Ang mga nag-aakalang kamangmangan ang ebanghelyo ay hindi makakatamasa sa kabutihang dulot nito.**
   Ang mga nag-aakalang higit silang marunong sa pagtanggi nila sa ginawa ni Jesus sa krus ay hindi mararanasan ang kaligtasan at mga pagpapalang dulot nito. Wala ng iba pang daan tungo sa pagkaligtas kundi kay Kristo lamang (1 Corinto 1:19-21).

3. **Ang mga maniniwala sa ebanghelyo ay maliligtas.**
   Ang sinumang magtitiwala kay Jesus at sa ebanghelyo ay makararanas ng kaligtasan at pagpapatawad ng mga kasalanan tulad ng ipinangako Niya sa Kanyang Salita (Roma 10:9, 1 Corinto 1:21).

Ang ebanghelyo ay ang karunungan ng Diyos na ibalik tayo sa pakikipag-ugnayan sa Kanya.